# Pagpapahayag sa Ebanghelyo

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alejandro Alia, SSA
Enero 28, 2023

Ang pagpapahayag sa ebanghelyo ay isang paraan upang ibahagi ang pag-ibig ng Diyos, sa pamamagitan ng ating mga piniling bokasyon, ating mga panalangin, at sa ating paglilingkod sa kapwa. Pagpapatuloy ito ng misyon ni Kristo at ang misyon ng simbahan. Kaya gamitin natin ang ating kaalaman sa Banal na Salita at ang mga turo ng simbahan, para maipadama sa iba ang walang humpay na pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapalaganap sa ebanghelyo.

**Mga *Biblical verses* na makatutulong sa atin upang maunawaan ang konsepto ng pagpapahayag sa Ebanghelyo.**

**1. Mga Gawa 13:47**
Iniutos sa atin ng Diyos, "…gagawin kitang tanglaw ng mga bansa upang lahat sa daigdig ay maligtas" Isa.49:6). Si Hesus ang ating tagapagligtas at manunubos. Kaligtasan ang pinaka sentro ng pagtuturo sa lahat ng simbahan. Kaya, kailangan nating ipahayag ang mensahe ng kaligtasan.

**2. Juan 20:17-18**
Ipinasabi ni Hesus kay Maria Magdalena na ipabatid sa Kanyang mga kapatid na lalaki: "Ako ay aakyat sa aking Ama at sa inyong Ama, sa aking Diyos at sa inyong Diyos." At sinabi niya sa mga alagad," Nakita ko ang Diyos," at sinabi sa kanila ang bilin ni Hesus. Samakatuwid, ang pagpapalaganap sa ebanghelyo ay paghahayag sa mundo ng mga bagay na galing sa Diyos.

**3. Mateo 28:19-20**
Sinabi ni Hesus, "Humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo. Tandaan ninyo: Ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Kaya ipahayag natin ang kaharian ng Diyos at itayo ang simbahan ni Kristo.

**4. Isaias 12:4**
Sinabi sa atin na umawit ng papuri sa Diyos, ipahayag ang Kanyang pangalan at ipagmalaki ang Kanyang mga ginawa sa lahat ng bansa. Ipinahayag nina Pablo at Titus ang mga nararapat na marinig. Kaya, dapat nating alamin ang mga turo ng simbahan at ibahagi ang mga ito sa kapwa.

**5. Juan 13:35**
Alagad tayo ni Hesus kung mahal natin ang ating kapwa. Ang pagpapahayag na ang Diyos ay pag-ibig ay si Hesus. Ihayag natin na ang kaligtasan ay pagmamahal sa misyon ng Diyos, at sa ating gawain sa pagpapalaganap sa ebanghelyo sa sangkatauhan.

**6. Mga Gawa 1:8**
Sinabi ni Hesus, "bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig." Kung tayo'y nagpapahayag, ang kapangyarihan ng Kanyang Salita ay nasa ating puso at isip. Nagpapahayag tayo dahil sa kapangyarihan ng Diyos na sumasaatin, maging saksi at magpatotoo ng karanasan sa kapwa, sa kabutihan ng kaligtasan, kaya, tumulong sa kapwa sa pag-unawa sa Salita ng Diyos.

**KONKLUSYON:**
Ang pagpapahayag sa Ebanghelyo ay nakatutulong sa kapwa upang maunawaan ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos sa atin. Siya ang ating buhay, tanggulan, kalakasan at kaligtasan. Dahil dito, sa pamamagitan ng pananampalataya, at ligaya't tuwa sa ating puso, magpatotoo tayo at magbahagi sa kapwa upang tumibay ang kanilang pananampalataya at makahanap ng inspirasyon at suporta.

**PAGNINILAY:**
Ilarawan ang naibahagi mong patotoo na nakatulong sa kapwa upang maunawaan ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan.

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:# Ebanghelyo